CalABLE

# Sinusuportahan ng **CalABLE** ang Pinansyal na Seguridad at Kasarinlan para sa mga Taong May Kapansanan



## Ano ang **CalABLE?**

Ang CalABLE ay bintahang buwis na mga ipon at pamumuhunang plano para sa mga may kapansanan. Pinangyayari ng CalABLE ang mga benepisyaryo na makapagipon ng hanggang $20,000 sa isang taon sa walong portpolio na pinamamahalaan ng propesyonal, at ang nagastos na kita sa pamumuhunan sa mga kwalipikadong gastusin ay libre sa buwis. Karagdagan pa, ang mga benepisyaryo na makakatanggap ng Supplemental Security Income (SSI) ay makaipon ng hanggang $100,000 habang minamantini ang mga benepisyo ng SSI. Maaaring buksan at pamahalaan ng taong may kapansanan o ng kanilang kinatawan. Sa isang CalABLE account, maaari kang mag-ipon para sa hinaharap at makapaghanda para sa panghabang-buhay na pinansyal na kasarinlan.

### Nagpapalakas ang CalABLE

Ang mga indibidwal na may kapansanan at ang kanilang mga mahal sa buhay ay puwedeng magplano, mag-ipon, mamuhunan, at gumastos nang may kumpyansa. Sa pamamagitan ng ABLE Visa® Prepaid Card, magagastos ng mga may-ari ng account ang mga pondo saanman na tinatanggap ang Visa, at mapamamahalaan ang mga gastusin, at makapagtakda ng mga allowance.

### Naibabagay ang CalABLE

Maaaring ma-access ang mga pondo anumang oras, at maaaring gamitin para sa pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, pabahay, pagbibiyahe, teknolohiya, at iba pang kwalipikadong mga gastusin.

### Pinuportektahan ng CalABLE ang SSI

Karaniwan nang makakaipon lamang ang mga tatanggap ng SSI ng $2,000 nang hindi naaapektuhan ang mga benepisyo. Gayunman, pinahihintulutan ng batas ng pederal ang mga tatanggap ng SSI na makaipon ng hanggang $100,000 sa CalABLE accounts habang pinananatili ang pagiging karapat-dapat.

### Nagpapahintulot ang CalABLE na makapag-ambag ang lahat

Maaaring gumawa ang may-ari ng account ng isang gifting page sa gayon ay madaling makakapag-ambag online ang kapamilya at mga kaibigan.

## Sino ang karapat-dapat para sa CalABLE?

Mga karapat-dapat na indibidwal:

- Bulag o may kapansanan na nagsimula bago ang edad na 46 (ngunit ang account ay maaaring buksan sa anumang edad) [alternatibong text para sa pasimula ng 2026: May pagkabulag o kapansanan na nagsimula bago ang edad 46 (ngunit ang account ay maaaring buksan sa anumang edad)
- Mayroong social security number o tax identification number (hindi kailangan ng pagkamamamayan ng US)
- Mayroong permanenteng address sa US na hindi PO box

## Paano natutukoy ang pagiging karapat-dapat:

- Ang benepisyaryo ay kwalipikado para sa SSI (Supplemental Security Income) o SSDI (Social Security Disability Insurance) batay sa pagkabulag o kapansanan

O

- Ang benepisyaryo ay may kapansanan na kasama sa Listahan ng mga Kapansanan o listahan ng Social Security Administration ng Mga Kondisyon ng Compassionate Allowances

Maaaring magbukas ang may-ari ng account ng isang account sa sarili nilang paraan kapag mayroon silang ligal na kapasidad, o maaari silang ipagbukas ng iba para sa kanila bilang isang Awtorisadong Ligal na Kinatawan (Authorized Legal Representative O ALR). Para sa higit  na impormasyon tungkol sa ALRs, mangyaring bumisita sa aming ALR page

## Magkano ang gagastusin sa pagbukas ng account?

Walang babayaran sa pagbukas ng account - makakapagbukas ng mga account na mayroong paunang kontribusyon na hindi bababa sa $25.

## Paano ako makakaalam pa nang higit tungkol sa CalABLE?

Para sa higit na impormasyon tungkol sa CalABLE, matatagpuan ito online, naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga babayaran at gastos. Mangyaring tandaan na ang website ng CalABLE at pahayag ng pagsisiwalat ng programa ay kasalukuyang available lamang sa Ingles at sa Espanyol at ang online portal ay available lamang sa Ingles.

Ang Vestell o CalABLE ay hindi tagapayo sa pamumuhunan o sa buwis at hindi nagbibigay ng buwis, ligal o iba pang payo sa pamumuhunan. Dapat kang sumangguni sa isang angkop na propesyonal na tagapayo o konsultasyon kung mayroon kang mga tanong na nauugnay sa mga buwis o pamumuhunan. Pag-isipan ang mga layunin ng pamumuhunan, panganib nito, mga bayarin at gastusin bago mamuhunan sa CalABLE program Ang impormasyong ito ay available sa Program Disclosure Statement sa pamamagitan ng pagbisita sa calable.ca.gov o sa pamamagitan ng pagtawag sa toll-free 833-Cal-ABLE (833-225-2253). Basahin itong mabuti.